**Pagbati para sa Bagong Taon galing as Obispo para sa lahat ng tao sa Diyosesis ng Saitama**

**“Maging mga mensahero upang ipalaganap ang Kapayapaan” (Papa Leo XIV)**

Mga kapatid ko kay Kristo

Panalangin ko sa inyo para sa Bagong Taon 2026, maging mapagpala at magandang taon.

Pagkatapos magdiwang sa Banal na Pasko, ating salubungin ang Bagong Taon sa pagdiwang ng Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos, at nanalangin para sa Kapayapaan ng mundo. Dito sa Japan na nasa Malayong Silangan, pinagpalang salubungin ang Araw ng Bagong Taon bago ang mga tao sa ibang parte ng mga bansa, lupain at mga isla. Bilang mga Kristiyano, ang harapin ang Araw sa Bagong Taon, pasalamatan natin si Papa Leo XIV para sa mensahe sa Bagong Taon, pagkakaisa sa ating mga puso kay Hesus na nagbigay ng kanyang buhay para sa lahat ng tao na may bilang 8.3 bilyon at naging ilaw upang ipakita ang daan para sa lahat.

Sa panimula ng Bagong Taon si Papa Leo XIV ay tinawag tayo nga maging mga mensahero sa Ebanghelyo ng Kapayapaan. Ang kapayapaan ay sumainyong lahat; “Tungo sa walang armas at sa Kapayapaan na nagtatanggal ng armas”.

Mula nung gabi sa 5 Mayo 2025, sa pagtalaga bilang Papa, ang kanyang unang pagpapakita sa balkonahe ng Basilika ni San Pedro hanggang ngayon, sa araw ng 26 Agusto ang tema sa Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan 2026 ay inanunsiyo ng Vatican’s Dicastery for Promoting Integral Human Development, ang Kapayapaan ay palaging pangunahing tema ng Papa sa kanyang salita at mga gawa.

“Sa pagtanggap ng Kapayapaan sa kanyang tunay na kabuluhan”

Sa kanyang mensahe para sa Pandaigdigang Kapayapaan, ang Papa ay nagsabi, “Tayong mga tao ay inuudyok na tanggihan ang mga teyoriya ng pagkabayolente at digmaan, at tanggapin ang Kapayapaan sa kanyang tunay na kahulugan, base sa pagmamahal at hustisya”. Sabi niya na ang Kapayapaan, ay hindi lang sa estado na walang mga kagulohan kundi ang klaradong mga intensiyon sa pagtanggal ng mga armas, at ito ay, “ang Kapayapaan na walang nakakatakot”.

Kung ang mga armas ay napatahimik, nagbabago ang mundo sa pagiging “nadis-armahan”, na nagsaayos ng kagulohan at nagbubukas ng ating mga puso sa katapatan, simpatiya at pag-asa’. Subalit hindi ito sapat para sa atin as pag angkin nito. “ito ay dapat mapagtanto na mamuhay sa daan ng pagtanggi sa kagulohan sa lahat ng bagay, nakikita sa istrukturang panlipunan.

‘Sumainyo ang kapayapaan’. Mula as muling nabuhay na Kristo hanggang sa mga pagsunod ni San Pedro, ang panawagang ito para sa Kapayapaan ay pangdaigdigan na walang isinantabi para sa ‘lahat ng mga Ktistiyano, hindi mga Kristiyano, politikong mga pangulo at lahat ng mga mamayanan na sabik na ‘itayo ang Kaharian ng Diyos kung saan tayong lahat ay magbahagi ng makatao at mapayapang kinabukasan na sama-sama.

Sinabi ni Papa Leo XIV, ang panawagan sa Kapayapaan ay hindi ihiwalay sa kasalukuyang estado ng mundo, na nasugatan at hindi pa nalihom. ‘Ang ating mundo ay labis na nasugatan dahil sa kagulohan, walang pagkakapantay, pagsira sa kalikasan at sa espirituwal na kalungkotan na naging seryoso’, kaya, sinabi ng Papa sa kongregasyon at asembliya na gunitain ang sentenaryo ng ‘Ecumenical Meetings’ sa Stockholm as 1925.

Sinabi din ng Papa sa kanyang pakipagusap sa mga tao sa kanilang gawain at komunidad na gumawa ng "Tagpuan para sa Kapayapaan" sa Verona, ang rekonsilasyon ay dapat maging "makatutuhanan", at ito ay maaring manggaling sa mga lipunan sa kanayunan at komunidad at lalago sa kanilang kanayunang organisasyon. Ang rekonsilasyon ay hindi nagtatakwil sa 'pagkakaiba' o 'magkaibang opinyon' ngunit tanggapin ito at unawain at pagtagumpayan ang mga ito.

"Upang ipaghanda ang mga ahensiya sa Kapayapaan, kung nais mo ng Kapayapaan"

Subalit, kung saan ang sakit ay labis na nararanasan, ikaw ay may maraming responsibilidad, kaya, sa pagtatayo ng kinabukasan para sarekonsilasyon. Ito ay maaring kabalintunaan sa modernong mundo kung saan ang mga epekto ay kailangan upang mapagtagumpayan ang galaw upang mapanatili ang katayuan. Ayon sa Latin na kasabihan 'Si vis pacem, para bellum' (Upang ipaghanda ang mga digmaan, ikaw ay umasa sa kapayapaan). Mariing sinabi ni Papa Leo XIV, 'Upang ipaghanda ang mga ahensiya ng Kapayapaan, naisin mo ang Kapayapaan' Dapat ito ay gawin sa paraan na pagusapan ng lahat na may pagpakumbaba at hindi sapilitan. Ang natatanging kondisyon upang maitatag ang Kapayapaan ay ang mga sumusunod: 'Kung walang pagpapatawad ay walang kapayapaan', na sinabi ng Papa sa kanyang pangkalahatan na pagpupulong sa mga tao kasama ang kanilang lumang pinagggalingan sa Portugal sa 20 Agusto 2025.

"Ninanais natin ang Kapayapaan sa mundo"

Sinuportahan ng malakas na mga intensiyon, ang Kapayapaan ay naging ilaw ng mundo'. Walang duda na ang lahat ay nagnanais ng Kapayapaan ngunit particular sa mga kabataan na namuhay tungo sa kanilang kinabukasan ay napagtanto ang kahalagahan nito. Sa gabi ng kanilang Hubileyo para sa mga kabataan sa Tor Vergata, Roma, ang Papa ay nagsalita sa kanila, 'ninanais ng mundo na ang mga mensahero ng Ebanghelyo ay maging saksi sa Hustisya at Kapayapaan!'

Sinabi ng Papa sa kanila ang simpleng daan, na maaring madaling makalimutan, na 'ang pakikisama ay maaring magbago sa mundo. Ang pakikisama ay daan tungo as Kapayapaan'. Kanya rin ipinagkatiwala ang kanyang pagnanais sa kaiboturan ng kanyang puso, na maabot ang kataasan na seguradong naitala sa kanilang mga puso at ang mga kabataan na nagkakatipon sa St. Peter's Square sa Vatican na ipagdiwang ang Misa sa Banal na Taon. Ang kanyang ninanais ay, 'Hinahanap natin ang Kapayapaan sa mundo'.

Sana ang Panginoong Hesus kasama ang Mahal na Birheng Maria ay palaging kasama natin sa buong Bagong Taon, upang ang bawat isa sa atin ay magiging mabuting mga arkitekto upang itayo ang lipunan na puno ng kapatirang pagmamahal at maging mga saksi gaya ng mga disipulo ni Hesus para sa pagmamahal sa Diyos sa bawat isa.

Sa ngalan ng Ama at Anak at Espiritu Santo. Amen.

Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos, 1 Enero, 2026

Mario Michiaki Yamanouchi, Obispo ng Saitama